


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Mga Anyo, Tugon, at Epekto ng Neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya



Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Mga Anyo, Tugon, at Epekto ng Neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rodney M. Ballaran

Editor: Enrile O. Abrigo Jr., Jay M. Maravilla, Jim Paul M. Belgado

Tagasuri: Nimfa V. Alaska

Tagaguhit: Alberto F. Rivera

Tagalapat: Liezl O. Arosio

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Danilo C. Padilla

Freddie Rey R. Ramirez

Cyril C. Serador

Ronald S. Brillantes

Marites L. Arenio

Eva Joyce C. Presto

Rhea Ann A. Navilla

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Street, Pasig City

Telefax : (02)8631-4070; 86373093; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 8:

Mga Anyo, Tugon, at Epekto ng Neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lumitaw ang makabagong uri ng pananakop upang mapanatili ang kapangyarihan ng malalakas at makapangyarihang bansa.

Ramdam sa buong panig ng mundo ang naging resulta ng kanilang pakikipagtunggali upang makamtan ang kaayusan at kapayapaan. Halos tumindi ang ipinakitang nasyonalismo ng bawat bansa sa Silangan at Timog – Silangang Asya upang magkaroon ng ganap na kasarinlan. Subalit hindi naiwasan ang kalagayan na kung saan ang malalaki at malalakas na bansa ay patuloy sa pagmamaniupula sa mga maliliit at mahihinang bansa.

Sa modyul na ito, mailalarawan, at masusuri ang mga makabagong pamamaraan ng pananakop ng mga malalakas, mauunlad, at makapangyarihang bansa sa lupain ng Silangan at Timog Silangang-Asya lalong-lalo na sa Pilipinas.

Palalawakin din ang iyong kaalaman kung ano – ano ang naging epekto at tugon ng makabagong paraan ng pananakop sa mga bansa partikular sa larangan ng pulitikal, militar, ekonomiya, at kultura.

Bago mo simulang basahin ang nilalaman at gawin ang iba't ibang pagsubok, narito ang mahahalagang nilalaman ng aralin na inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- ✓ Mga Anyo ng Neokolonyalismo sa Silangan at Timog – Silangang Asya
- ✓ Epekto ng Neokolonyalismo sa Silangan at Timog – Silangang Asya
- ✓ Tugon ng Neokolonyalismo sa Silangan at Timog – Silangang Asya

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. Naipaliliwanag ang kahulugan at tunay na layunin ng neokolonyalismo sa Silangan at Timog – Silangang Asya;
2. Nasusuri ang mga anyo at epekto ng neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya; at
3. Nakapagbibigay ng saloobin ukol ang mga naging reaksiyon at tugon sa suliraning neokolonyalismo.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutunan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)

Ang mag-aaral ay napahahalagahan ang pagtugon ng mga Asyano sa mga hamon ng pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy ng Silangan at Timog – Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (Ika -16 hanggang ika - 20 Siglo).

PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)

Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy ng Silangan at Timog-Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (Ika-16 hanggang ika-20 Siglo).

PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)


- Nasusuri ang mga anyo, tugon, at epekto sa neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya. [Linggo 7].

Halina't simulan natin!

Ang Neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay naging daan upang makaranas ng pagsasamantala ang mga mahihirap at mahihinang bansa mula sa mga mapaniil na patakaran ng mga mauunlad at makapangyarihang bansa. Pinagsamantalahan nila ang kanilang likas-yaman at lakas-paggawa. Binihisan at hinubog ang matagal ng nakasanayang saplot na bumabalot sa kulturang katutubo ng mga bansang mahihina dahil sa pagkontrol ng mga makapangyarihang bansa.

Sa kabilang banda, ang mga neokolonyalistang bansa ay nakinabang rin sa mga dala-dala at kontribusyon ng kanilang mananakop dahilan upang mabago ang kanilang kinagisnang sibilisasyon.

Sa mas malalim na pagsusuri, ano-ano kayang mga bansa ang higit na nakinabang sa makabagong paraan ng pananakop? Sino ang higit na naapektuhan ng mga gawaing di-tuwirang pananakop? Paano maisasakatuparan ang mga tugon ng mga Asyano mula sa kanilang naging karanasan sa paraan ng makabagong pananakop?



Subukin

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot dahil may mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.

A. Panuto: Tukuyin ang sumusunod na pahayag. Hanapin sa kahon ang tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

<i>Colonial Mentality</i>	Dayuhang Pautang	Neokolonyalismo	<i>Benevolent Assimilation</i>
Labis na Pagdepende	<i>G8 o Group of 8</i>	Dayuhang Tulong	Lihim na Pagkilos

1. Isang patakaran ng United States na ipinatupad sa Pilipinas na nagpapatunay bilang pagpapasimula ng neokolonyal na katangian ng edukasyon sa bansa.
2. Karamihan sa bansa sa Timog – Silangang Asya ay labis na umasa sa mga mayayamang bansa tulad ng United States.
3. Ito ay maituturing na bagong paraan ng kolonyalisasyon sa pamamagitan ng impluwensiya o pagkontrol sa aspetong pampulitika, pang-ekonomiya, pangkultura, at kahit sa larangan ng pangmilitar ng isang maunlad na bansa sa hindi maunlad na bansa.
4. Ito ay ang pamamaraan ng anumang pautang na ipinapahiram ng *International Monetary Fund (IMF)/ World Bank* o ng United States na may laging kasunduan o kondisyon.
5. Tumutukoy sa gawain ng mga neokolonyalistang bansa na guluhin ang isang pamahalaan ng isang bansa o ibagsak ito nang tuluyan dahil hindi mapasunod sa mapayapang paraan.

B. Panuto: Basahin ang bawat nilalaman ng pahayag. Tukuyin kung anong anyo ng neokolonyalismo: **Pulitikal**, **Ekonomiko**, o **Kultural** ang sumusunod na pahayag o sitwasyon. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Mahilig bumili kada dalawang taon ang Pilipinas ng mga sasakyang may tatak na *Toyota, Honda, at Suzuki* mula sa Japan.
2. Hindi sinuportahan ng Taiwan at Vietnam ang patakarang “*9 - Dash Line*” ng China na ipinatutupad nito sa West Philippine Sea.
3. Tumaas ang antas ng pandarayuhan ng Laos dahil sa krisis na pinagdadaan ng katabi nitong bansang Myanmar.
4. Maaaring makautang ang Indonesia sa *World Bank* kapag nagkaroon ng puspulang pagsasaayos sa sistema ng pagbubuwis sa kanilang bansa.
5. Ang mga mamamayan ng Brunei ay madalas magpalit ng pananamit mula sa bansang Italy.

C. Panuto: Basahing mabuti ang tanong at pag-isipan ang pinakatamang sagot. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng katotohanan ukol sa neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya?
 - A. Karamihan sa dating mga imperyalisatng bansa ay wala ng kakayahan upang sakupin pa ang kanilang dating kolonyang bansa.
 - B. Nakasentro ang makabagong pananakop ng mga makapangyarihang bansa sa paggamit ng relihiyon upang madali nila itong mapaniwala sa mga taglay nitong doktrina ng simbahan.
 - C. Ito ay may tuwirang pananakop sa mga mahihirap na bansa dahil ginagamitan sila ng madugong labanan at palitan ng nakamamatay na mga armas ng mga mayayaman na bansa.
 - D. Ang mga industriyalisadong bansa ay may makabagong paraan ng pananakop sa pamamagitan ng di – tuwirang paraan na halos matatanaw sa aspektong pulitikal, militar, ekonomiya at kultural.
2. Alin sa sumusunod ang **HINDI** kabilang sa naging epekto ng neokolonyalismo sa larangan ng ekonomiya?
 - A. *Continued Enslavement*
 - B. *Cultural Exchange*
 - C. *Loss of Pride*
 - D. *Over Dependence*
3. Alin sa sumusunod na hakbang ang dapat gawin ng bawat bansa upang matugunan ang mga suliraning dulot ng neokolonyalismo na nararanasan sa Silangan at Timog – Silangang Asya?
 - A. Pagyamanin at tangkilikin ang lokal na produkto
 - B. Lumaban sa anumang uri ng panghihimasok na ginawa ng ibang bansa
 - C. Tumutol sa mga polisiya kung saan magbebenepisyo lamang ang mga malalaking bansa
 - D. Lahat ng nabanggit
4. Anong bansa ang tinulungan ng *Philippine Civic Action Group* (PHILCAG) noong 1971 upang ipakita ng Pilipinas ang kaniyang matatag na suporta sa United States?
 - A. Cambodia
 - B. Laos
 - C. Myanmar
 - D. Vietnam
5. Ang *G8* o *Group of Eight* ay samahan ng mga estadong higit na mayayaman o mas industriyalisadong bansa sa buong mundo na hanggang sa ngayon ay napananatili ang kanilang pagiging malakas at makapangyarihang bansa. Ano-ano ang mga bansa na bumubuo o kabilang sa *G8*?
 - A. Canada, France, Germany, Italy, Japan, Russia, UK, USA
 - B. Canada, China, France, Germany, Japan, Russia, UK, USA
 - C. Australia, Canada, France, Germany, Japan, Italy, Russia, USA
 - D. Australia, Canada, China, France, Germany, Japan, Russia, USA

Aralin

1

Mga Anyo, Tugon, at Epekto ng Neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya

Sa nakaraang aralin, ating tinalakay ang mga doktrina ng mga pangunahing relihiyon sa Silangan at Timog-Silangang Asya. Matatandaan na may malaking bahaging ginagampanan ang relihiyon sa halos lahat ng aspeto ng pamumuhay ng mga Asyano. Natukoy din ang simula at pagkalat ng relihiyon sa iba't ibang rehiyon ng Asya lalong-lalo na sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

Sa pangkalahatan, bagamat may iba't ibang adhikain at pagkakaiba ng mga relihiyon sa Asya, pinatunayan naman nito ang pagkakahawig sa iisang paniniwala na may malaking ginagampanan ang relihiyon sa pamumuhay ng mga Asyano.











Ano-ano pa ang iyong mga naalala sa nakaraang aralin? May nais ka pa bang sabihin o linawin? Ating sagutin ang inihandang gawain.



Balikan

Gawain: Hanapin Mo Ang Relihiyon Ko

Panuto: Matutunghayan sa ibaba ang mga simbolismo o *icon* na ginagamit at itinuturing na mahalaga o banal ng sampung (10) relihiyon at pilosopiya sa Asya. Tukuyin kung anong relihiyon o pilosopiya ang bawat larawan. Isulat ang tamang sagot sa iyong kuwaderno.

				
1. <input type="text"/>	2. <input type="text"/>	3. <input type="text"/>	4. <input type="text"/>	5. <input type="text"/>
				
6. <input type="text"/>	7. <input type="text"/>	8. <input type="text"/>	9. <input type="text"/>	10. <input type="text"/>



Mga Tala para sa Guro

Naglalaman ito ng iba't ibang mungkahing gawain para sa bawat aralin na dapat malinang sa kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng *word search*, *concept organizer*, malikhaing tula, *article analysis*, *open and close ended questions*, atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyamanin pa ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.



Tuklasin

Gusto mo bang malaman at matutuhan ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong ng neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya?

Halika, subukan mo ang mga gawain.

Gawain: Tukain Mo

Panuto: Suriin ang larawan sa ibaba at sagutin ang pamprosesong tanong. Ilagay ang sagot sa iyong kuwaderno.



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang nasa larawan?
2. Ano ang mahalagang ipinahihiwatig ng larawang ito?
3. May kaugnayan ba ang larawan bilang paraan ng pananakop?
4. Saang bansa ginamit ang larawang ito bilang estratehiya sa pananakop ng malalakas na bansa?



Suriin

MGA ANYO NG NEOKOLONYALISMO SA SILANGAN AT TIMOG-SILANGANG ASYA

Maraming bansa sa Asya ang nagkamit ng kasarinlan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nagbunyi ang mga bansang nasa rehiyon ng Silangan at Timog-Silangang Asya dahil nagbunga ang kanilang pagpupunyagi na makaalpas sa kamay ng mga Kanluraning mananakop. Sumiklab ang kanilang pagmamahal sa sariling bansa dahil sa iba't ibang karanasan na kanilang sinuong nang matagal na panahon.

Subalit ang kaligayahang nakamtan ng mga bansang ito ay hindi lubusang tumagal dahil muli na naman silang binalot ng karimlan sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan ng pananakop. Ang akala nilang kaayusan at kasunduan ay magwawakas sa kanilang pangamba at kahirapan ngunit ito pala ay muling naghatid sa panibagong pighati mula sa kamay ng mga mananakop.

Nanatili pa rin ang ganitong pangyayari sa mga rehiyon ng Asya kung saan ang malalakas na bansa ay may kontrol pa rin sa mga maliliit at mahihinang bansa sa iba't ibang aspekto. Ang ganitong kalagayan na umiiral sa buong bahagi ng mundo ay tinatawag na neokolonyalismo. Ang **neokolonyalismo** ay maituturing na bagong paraan ng kolonyalisasyon sa pamamagitan ng impluwensiya o pagkontrol sa aspetong pampulitika, pang-ekonomiya, pangkultura at kahit sa larangan ng pangmilitar ng isang maunlad na bansa sa hindi maunlad na bansa.

Ang umiiral na neokolonyalismo ay hindi tuwirang pananakop dahil walang madugong labanan at palitan ng nakamamatay na mga armas. Ito ay kontrolado lamang ng isang mayaman o industriyalisadong bansa ang lahat ng aspetong kabuhayan ng isang naghihirap o mahirap na bansa tulad ng Pilipinas.

Ang *G8* o *Group of Eight* ay samahan ng mga estadong higit na mayayaman o mas industriyalisadong bansa sa buong mundo na binubuo ng Canada, France, Germany, Italy, Japan, Russia, United Kingdom at United States of America. Sila ang mga bansa na hanggang sa ngayon ay napananatili ang kanilang pagiging malakas at makapangyarihang bansa.

Sa katunayan, maraming paraan ang ginamit ng mga makapangyarihang bansa upang lalo nilang maimpluwensiyahan ang dati nilang nasakop na bansa sa Asya. Hindi na rin naiwasan ng iba pang mga karatig na bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya na makisabay at umanib sa mga patibong na hinanda ng mga neokolonyalistang bansa. Pinatutunayan nito na ang mauunlad na bansa ay lalong lumalakas ang kanilang imperyo sa usaping pang-ekonomiya, pulitika, kultura o ideolohiya, at militarisasyon.

Sa kabilang banda, nasa rehiyon din ng Silangang Asya at Timog-Silangang Asya makikita ang mga bansang industriyalisado o may kakayanan upang isagawa ang neokolonyalisasyon. Ilan sa mga ito ang may malalawak na impluwensiya katulad ng Japan, China, Korea at Singapore.

Ang pamamaraan o anyo ng neokolonyalisasyon ay talamak na sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang usaping ito ay natalakay na sa nakaraang Ikatlong Markahan. Nakasentro ang pamamaraang ito sa Timog at Timog-Kanlurang Asya. Ngayon naman, susuriin natin ang ilang mga pamamaraan o anyo na naisagawa sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

(**Pinagkunan:** “Project EASE-Araling Panlipunan 8 :Modyul 20-Neo-Kolonyalismo”, DepEd Schools Division of South Cotabato Learning Resource Management Section”, DepEd, Bureau of Learning Resources, last modified May 19, 2020, <https://sites.google.com/view/depedsocotrms/>.)

Ang sumusunod ay iilan lamang sa mga magpapatunay na mayroong neokolonyalismo na umiiral sa karamihang bansa. Madalas ang mga nagiging biktima nito ay ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya.

Ekonomiya

Hindi maikakaila na ang pamamaraang dayuhang pautang at dayuhang tulong ay parehong umiiral sa rehiyon ng Silangan at Timog- Silangang Asya.

Ang mga bansang maunlad tulad ng United States, Canada, Australia, Japan at ipa ba ay lantarang isinasagawa ang mga paraang ito. Sa simula ay nakikipag-ugnayan sila sa mahihirap o maliliit na bansa sa pamamagitan ng dayuhang tulong upang umangat ang kanilang pang-ekonomiyang kalagayan. Susundan ito ng pag-alok ng dayuhang pautang na siya namang kakagatin ng mga mahihirap na bansa. Sa bandang huli, ang ganitong gawain ay paulit -ulit na nangyayari sa pagitan ng makapangyarihan at mahihirap na bansa. Dito makikita ang mga gawaing pamamaraan ng mga neokolonyalistang bansa.

NATATANDAAN MO PA BA?

Dayuhang Pautang o *Foriegn Debt*

Ito ay ang pamamaraan ng anumang pautang na ipinapahiram ng *International Monetary Fund (IMF)/ World Bank* o ng United States na may laging kasunduan o kondisyon.

Dayuhang Tulong o *Foriegn Aid*

Ito ay ang pamamaraan ng pagkakaloob na dayuhang tulong (*foriegn aid*) sa aspekto ng pang-ekonomiya, pangkultura, at pangmilitar.

(**Pinagkunan:** “EASE Modyul 10: Neo-Kolonyalismo Ang Bagong Uri o Pamamaraang Kolonyalismo Learning Material, Learning Module |PDF”, DepEd, Bureau of Learning Resources, accessed May 25, 2020, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>.)

Matutunghayan na karamihan sa mga bansang mahihirap o maliliit na matatagpuan sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay nakinabang sa dayuhang tulong mula sa mauunlad na bansa upang iangat ang antas ng kanilang kabuhayan at kalagayang pang-ekonomiya. Makikita rin sa mga ginagamit na produkto at iba’t ibang instrumento mula sa pagproseso ng produksiyon, aktuwal na produkto, at serbisyo ay nanggaling karamihan sa United States tulad ng *Towlerone, hotdog, hamburger*, mansanas at iba pa.

Maging sa iba’t ibang bahagi ng Silangan at Timog-Silangang Asya, umiral din ang impluwensiya ng mga kagamitang *Made in China* tulad ng lahat ng uri ng mga kagamitang pambahay o kaya naman *Made in Japan* na karamihang uri ng *gadgets* at mga sasakyan na may tatak ng Toyota, Honda, Suzuki at iba pa.

(**Pinagkunan:** “EASE Modyul 10: Neo-Kolonyalismo Ang Bagong Uri o Pamamaraang Kolonyalismo Learning Material, Learning Module |PDF”, DepEd, Bureau of Learning Resources, accessed May 25, 2020, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>.)

Kaakibat ng neokolonyalisasyon ang paglawak din ng sistemang globalisasyon. Dala-dala rin ng mga neokolonyalistang bansa ang iba’t ibang pamamaraan sa pananalapi, pamumuhunang industriyal at pinansiyal,

transnational corporations, pagsisiguro ng pamumuhunan, at iba pa. Ang ganitong pamumuhunan at pautang ay nakatulong sa mga mahihirap na bansa lalo na sa Pilipinas subalit mas higit na kumita at tumubo ang mga neokolonyalistang bansa dahil sa kanilang ipinataw na interes. Kaya masasabi natin na maituturing itong “pananalakay na ekonomiko” o *economic invasion* na matagal nang nagaganap sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

Batid natin na ang mga Tsino ay lagang na sa buong mundo bilang mga adbenturerong negosyante at mangangalakal. Marami silang ipinatayo na iba’t ibang negosyo lalong-lalo na sa bahagi ng Timog – Silangang Asya tulad ng Pilipinas, Malaysia, Singapore, Vietnam, Thailand at marami pang iba. Mas umiral ang pagiging neokolonyalistang bansa ng China nang magkaroon ng *economic invasion* sa bahagi ng Africa tulad ng Kenya, Congo, Zambia, Djibouti, Nigeria, South Africa at iba pa. Ang mga produkto at negosyong dala-dala ng mga Tsino saan mang bahagi ng mundo ay manipestasyon ng neokolonyalisasyon.

(**Pinagkunan:** Rosemarie C. Blando et al., *Araling Panlipunan: Kasaysayan ng Daigdig*, Pasig City: DepEd, Bureau of Learning Resources, 2016, 521-522.)

Malaki rin ang papel na ginagampanan ng *International Monetary Fund* (IMF), *World Bank* (WB) at ng United States sa anumang pautang ng mga bansang nagnanais na makahirap sa usaping pananalapi. Kahit laging may mga kondisyon na patakarang pinapairal ang IMF at WB, patuloy pa rin ang pangungutang ng mga maliliit at mahihirap na bansa. Ang mahalaga ay dapat sundin ng mga mangungutang na bansa ang mga kondisyon na ipinataw sa kanila dahil kung hindi susundin ay hindi sila makakautang pa.

NAAALALA MO PA BA?

Ilang mga Kondisyon sa Pagpapautang ng IMF at WB

- * Pagbubukas ng ekonomiya sa *economic investors* at *traders*
- * *Privatization* o pagsasapribado ng mga kompanya
- * Pagsupil ng mga monopolyo
- * Pagpapababa ng *value* o halaga ng salapi
- * Pagsasaayos ng sistema ng pagbubuwis o *taxation*

Pulitikal / Militar

Ang matatag na pamahalaan ay nagsasalamin din ng katatagan ng aspektong pulitikal at maging sa kakayahang pangmilitar. Sa usaping *Geopolitikal*, ang United States ay lantarang nangingialam sa isyung pulitikal at militar kahit saan mang sulok ng mundo lalong-lalo na sa lupain ng Asya.

Mahalaga ang pangngialam ng isang makapangyarihang bansa tulad ng United States upang magkaroon ng magandang ugnayan ang dalawa o maraming bansa. Napakahalaga ng ugnayang *bilateral* (samahan ng dalawang bansa) o *multilateral* (samahan ng maramihang bansa) upang maisakatuparan ng mga neokolonyalistang bansa ang kanilang dayuhang polisiya o *foreign policy*. Subalit ang mga kasunduang itinakda sa pagitan ng mga bansa ay higit na nakikinabang ang mga makapangyarihang bansa.

Isa na ang Pilipinas sa rehiyon ng Timog – Silangang Asya na may matagal nang relasyon sa United States. Makikita ito sa iba’t ibang kasunduan na pinagkasunduan ng dalawang bansa. May pagkakaton din na ang United States ay sinasabing nasa likod ng pagbabagong naganap sa Pilipinas lalong-lalo na ang pangyayaring EDSA Rebolusyon.

(**Pinagkunan:** “EASE Modyul 10: Neo-Kolonyalismo Ang Bagong Uri o Pamamaraang Kolonyalismo Learning Material, Learning Module |PDF”, DepEd, Bureau of Learning Resources, accessed May 25, 2020, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>.)

NATATANDAAN MO PA BA?

Lihim na Pagkilos o Covert Operation

Ito ay pamamaraan ng mga neokolonyalistang bansa na guluhin ang isang pamahalaan ng bansa o ibagsak ito nang tuluyan dahil hindi mapasunod ng mapayapang paraan.

(**Pinagkunan:** “EASE Modyul 10: Neo-Kolonyalismo Ang Bagong Uri o Pamamaraang Kolonyalismo Learning Material, Learning Module |PDF”, DepEd, Bureau of Learning Resources, accessed May 25, 2020, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>.)

May pagkakataon din na ang United States ay may mabuting hangarin na manghimasok sa mga digmaang sibil o digmaan ng mga bansa dahil sa paniniwala na sila ang tagapataguyod ng kaayusan at kapayapaan sa buong mundo.

Dahil naging kakampi na ng United States ang karamihang mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya, katuwang nito ang mga bansa upang supilin ang mga kaguluhan tulad ng *territorial disputes* o pagtatalo ng teritoryal na umiiral sa iba’t ibang bansa. Ang dating nasakop ng United States na Japan ay minsang naging katuwang nito sa pagsugpo ng kaguluhan sa Phnom Penh, Cambodia noong 1992 na mas kilala bilang *Khmer Rouge*. Gayundin, ang Pilipinas ay lagi ring katuwang ng United States upang labanan ang kaguluhang nagaganap sa mga bansa. Sa katunayan, ang *Philippine Civic Action Group* (PHILCAG) ay ipinadala sa Vietnam noong 1971 upang ipakita ng Pilipinas ang kaniyang matatag na suporta sa United States.

Sa kabilang dako, ang Japan ay dating nasakop ng China subalit ngayon ay may maganda ng samahan. Ang samahang ito ay nagsimula sa pagbisita nina Emperador Akihito at Emperatriz Michiko sa China na nagbigay daan sa dalawang bansa na madagdagan ang impluwensiyang pampulitika at pang-ekonomiya ng bawat isa at lalong mahikayat ang China bilang katuwang ng Japan sa paglutas ng suliranin ng mga Asyano.

Gawain din ng United States na maglagay ng base militar, pagsasanay ng militar (*military exercises*), at tulong militar tulad sa Pilipinas.

(**Pinagkunan:** Teofista L. Vivar et al., *Asya Noon, Ngayon at sa Hinaharap* : Batayang Aklat sa Ikalawang Taon, Metro Manila: SD Publications, Inc., 2000, 175-188.)

ALAM MO BA?

Mga Halimbawa ng Militray Agreement sa Pilipinas

RP – US Mutual Treaty (MDT)

Visiting Forces Agreement (VFA)

Defense Cooperation Agreement (EDCA)

Ang mga bansang Japan at China na dating nasakop ng malalakas na bansa noon ay sila na ngayon ang nagpapairal ng neokolonyalisasyon.

Sa kabuoan, ang panghihimasok ng United States at Japan sa mga mahihirap na bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay matutunghayan sa kanilang operasyong militarisasyon, pang-ekonomiya, pulitikal, at kultural.

Sa kasalukuyan, ang China bilang tinaguriang “*Sleeping Giant*” ay unti – unti na ring pinalalawak ang kanilang militarisasyon. Lalong naging malakas ang loob ng China upang ipatupad nito ang kanilang patakarang “*9-Dash Line*” sa *West Philippine Sea*. Nakahanda na rin ang kanilang mga itinayong *Nuclear Plant* kahit may kasunduan pang umiiral sa kanila sa pagitan ng Japan. Hindi rin mawawala ang usaping *territorial disputes* sa maraming bansang nakapaligid sa China tulad ng Japan, Vietnam, North Korea, South Korea, Taiwan, Laos, Brunei Darus, Cambodia, Malaysia, Mongolia, at Pilipinas na halos matatagpuan sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

Kultural

Ipinakilala ng mauunlad at makapangyarihang bansa ang kanilang mga musika, sayaw, palabas, babasahin, pananamit, pagkain at iba pa na mas lalong tinangkilik ng mga Asyano.

Ang paggamit ng wikang Ingles ay mabisang sangkap upang maisakatuparan ang neokolonyalisasyon sa rehiyon ng Silangan at Timog-Silangang Asya. Bagaman pinahalagahan ng mga Asyano ang kanilang katutubong wika, patuloy pa rin ang paggamit ng wikang Ingles sa mga mahihirap na bansa sa Asya dahil nilakip nila ito sa kurikulum ng kanilang sistemang edukasyon. Ang Pilipinas ang isa sa mga magandang halimbawa ng bansa na tumangkilik nito. Sa katunayan, karamihan ng mga bansang nabanggit sa rehiyon ng Asya ay nagpapatupad na rin ng *K to 12 Curriculum* na kung saan ang paggamit ng wikang Ingles kung hindi man opsyonal ay kalakip bilang isa sa pangunahing wikang panturo sa mataas na antas ng pag-aaral.

Ang *Benevolent Assimilation* ng Amerika na ipinatupad sa Pilipinas ay isang maliwanag na paraan ng pagpapasimula ng neokolonyal na katangian ng edukasyon sa bansa. Sa programang ito, ipinagbabawal ang anumang uri ng paghihigmagsik laban sa pananakop ng Amerika sa Pilipinas at may karampatang malulupit na parusa. Dahil dito, naging madali para sa mga Amerikano na hulmahin ang kaisipan ng mga Pilipino upang mabago ayon sa kultura at kabihasan ng United States. Unti-unting binago ng mga Amerikano ang sistemang edukasyon ng mga Pilipino dahil magagamit nila ang mga Pilipino bilang kakampi sa Asya. Mas pinahalagahan ang kaisipang industriyal at kapitalismo kaysa sa pagpapahalaga at pagmamahal sa sariling bayan.

Ang mga pangalan ng tao at lugar ay nahaluan na rin ng wikang Ingles sa Pilipinas. Sa anumang paraan at paggamit sa makabagong transportasyon at komunikasyon ay hindi mawawala ang paglitaw ng wikang Ingles. Ang mga pananaw at paniniwala ng mga Pilipino ay nabahiran na rin ng impluwensiyang Amerikano lalong-lalo na sa larangan ng pulitika, kultural at pang-ekonomiya.

Niyakap din ng mga Pilipino ang mga kaugalian at pamumuhay ng mga Amerikano kabilang ang mga pagkain at pananamit. Hindi lamang mga Pilipino ang nabighani sa mga Amerikano pati na rin ang magagandang pananamit, musika, sayaw at kagamitan na mula sa Japan (*anime show*), China (pagkain) at Korea (K-Pop/Korean novelas).

(Pinagkunan: “Project EASE-Araling Panlipunan 8: Modyul 20-Neo-Kolonyalismo”, DepEd Schools Division of South Cotabato Learning Resource Management Section”, DepEd, Bureau of Learning Resources, last modified May 19, 2020, <https://sites.google.com/view/depedsocotrms/>.)

Pamprosesong Tanong:

Panuto: Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Para sa akin, ang pinakamabisang paraan ng makabagong pananakop kung kaya't naging matagumpay ang mga industriyalisadong bansa sa pagsakop sa mahihirap na bansa ay ang _____.

EPEKTO NG NEOKOLONYALISMO SA SILANGAN AT TIMOG-SILANGANG ASYA

Hindi makalilimutan ng mga sinakop at pinagsamantalang bansa ang ginawa ng mga neokolonyalistang bansa dahil maraming naging epekto ito sa kanila.

NAALALA MO PA BA?

Mga Pangunahing Epekto ng Kolonyalisasyon

1. **Labis na Pagdepende (*Over Dependence*)**
Maraming bansa sa Asya lalong-lalo na sa bahagi ng Timog-Silangang Asya ang labis na umasa sa mga mayayamang bansa tulad ng United States.
2. **Kawalan ng Karangalan (*Loss of Pride*)**
Ang paniniwalang lahat ng kabutihan, kagalingan, at pagiging superyor ng mga Kanluraning bansa ay tumatak sa isipan ng maraming Asyano kung kaya karamihan sa mga Asyanong mahihirap na bansa ay nawalan ng interes sa sariling kultura at produkto.
3. **Patuloy ng Pang-aalipin (*Continued Enslavement*)**
Sinasabi na malaya nga sa diwa't prinsipyo ang mga mahihirap at umuunlad na bansa ngunit ang totoong kalagayan na nararanasan ng mga bansang ito lalong-lalo na ang mga maliliit na bansa ay kasalukuyan pa ring nakagapos sa mga taling hawak-hawak ng malakolonyal at makakapitalisatng interes ng mga kolonyalista.

(**Pinagkunan:** "Project EASE-Araling Panlipunan 8: Modyul 20-Neo-Kolonyalismo", DepEd Schools Division of South Cotabo Learning Resource Management Section", DepEd, Bureau of Learning Resources, last modified May 19, 2020, <https://sites.google.com/view/depedsocotrms/>.)

Dahil matagal nang may ugnayan ang Pilipinas at United States, ang mga Amerikano ang nanghikayat sa mga Pilipino na manatiling pahalagahan ang sistemang agrikultural sa halip na paunlarin ang sistemang industriyal ng bansa. Itinakda ito ng mga Amerikano na maging agrikultural na bansa ang Pilipinas upang marami silang mapagkunan ng mga hilaw na materyales upang sa gayon lalong lumakas ang kalagayang industriyal ng United States.

Ang 45 taong pananakop ng United States sa Pilipinas ay bunga ng neokolonyalisasyon. Bagaman nakamit ng Pilipinas ang muling kasarinlan sa kamay ng mga Amerikano noong Hulyo 4, 1946, hindi pa rin ganap na maramdaman ang tunay na kalayaan ng bansa dahil patuloy pa rin ang pakikialam ng mga Amerikano sa Pilipinas.

Ilan sa mga naging epekto ng neokolonyalisasyon sa rehiyong Silangan at Timog-Silangang Asya.

Ekonomiya

- Ang dayuhang tulong (*foreign aid*) ay nagagamit ng mga tinutulungang bansa sa kanilang kagustuhan.
- Hindi rin nakakahaon sa utang ang mga mahihirap na bansa dahil sa debt trap o ang pagpapautang sa mga mahihirap na bansa na lalong nabaon sa kahirapan dahil sa mga patakaran, kondisyon at interes na ipinatupad ng mga kapitalistang bansa.
- Marami ang nagkasakit tulad ng sakit sa tuberkolosis sa kababaihan at malnustrisyon sa maraming bata.
- Maraming mga kabataan ang namumulot ng basura sa mga siyudad at ang paglaganap ng *squatter* o *informal settlers*.
- Ipinilit ng mga Amerikano na ang Pilipinas bilang agrikultural na bansa na maaaring pagkunan nila ng hilaw na material para sa kanilang industriyal sa halip na dapat ihaon ng mga Amerikano ang kabuhayan ng mga Pilipino mula sa sistemang agrikultural tungo sa pagiging industriyal.
- Hindi naging maganda ang resulta ng kita at trabaho sa bansa. Lalong lumaki ang agwat ng mayaman sa mahirap.
- Maraming mga mag-aaral ang hindi pumapasok sa paaralan dahil sa kahirapan.

Kultural

- Paglaganap ng wikang *Ingles* sa lahat ng sistema ng transaksiyon at kabuhayan.
- Pagpapalitan ng kultura (*cultural exchange*) sa pagitan ng mga mauunlad at maliliit na bansa
- Pagtaas ng antas ng pandarayuhan lalong – lalo na sa bahagi ng Silangan at Timog-Silangang Asya
- Paglaganap ng *internet* (social media) at *digital technology*
- Inobasyon sa larangan ng edukasyon
- Pananatili pa rin ng *Colonial Mentality*

Pulitikal / Militar

- Paglaganap ng ugnayang *bilateral* at *multilateral* sa samahang internasyunal ng mga bansa na parehong makikinabang.
- Pagkakaisa ng mga bansa upang patatagin ang kanilang ugnayang pampulitika, pang-ekonomiya, at pangkultura.
- Nahawaan ang Pilipinas at ang iba pang mga bansa ng ideolohiyang partidong pulitikal na mayroon ang Amerika tulad ng *Democratic Party* at *Republican Party*
- Kasalukuyang umiiral ang *territorial disputes* sa kalupaan at katubigan ng mga bansa kung saan sinusukat ang katatagan ng kanilang kakayahang pulitikal at militar

(**Pinagkunan:** “EASE Modyul 10: Neo-Kolonyalismo Ang Bagong Uri o Pamamaraang Kolonyalismo Learning Material, Learning Module |PDF”, DepEd, Bureau of Learning Resources, Date accessed May 25, 2020, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>.)

Sa pangkalahatan, ang neokoloyalisasyon ay may mabuti at di mabuting epekto sa pagitan ng mga neokolonyalistang bansa at sa mga mahihirap o di maunlad na bansa.

Pamprosesong Tanong:

Pumili ng tig-iisang pahayag mula sa itaas na may kinalaman sa aspektong pulitikal, ekonomiya, at kultural. Pangatwiran kung bakit ito ay mabuti o di-mabuti. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

TUGON SA NEOKOLONYALISMO SA SILANGAN AT TIMOG – SILANGANG ASYA

Kahit umiiral ang mga ito sa kalagayan ng bahagi ng mundo, dapat isaisip ng pamahalaan at maging mga mamamayan nito ang mahalagang pagkilos upang makamit ang tunay na kahulugan ng salitang kalayaan. Kailangan ng aktibong partisipasyon ng mga mamamayan upang suportahan ang mga polisiya at programa ng pamahalaan para labanan ang mga mapagsamantalang pamamaraan ng mga neokolonyalistang bansa. Kailangan din ipatupad nang maayos ang *Political will* at *Strong Republic* na siyang matagal nang isinusulong ng Pilipinas. Maraming batas sa Pilipinas ang dapat buhayin, at dagdagan pang magpatupad ng mga batas na may kaugnayan sa pakikipagkalakalan tungo sa Globalisasyon. Nakasalalay sa pamamahala ng bansa ang pagkakaroon ng epektibong pulitikal at kung paano pagyamanin nito ang sariling pang-ekonomiyang kalagayan.


(**Pinagkunan:** “EASE Modyul 15: Ang Ekonomiya sa Asya, Learning Module |PDF”, DepEd, Bureau of Learning Resources, accessed May 25, 2020, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>.)

Ilang Hakbang upang Tugunan ang Neokolonyalismo

- * Palakasin ang soberanya ng bansa.
- * Lumaban sa anumang uri ng panghihimasok na ginawa ng ibang bansa.
- * Tumutol sa mga polisiya na kung saan magbebenepisyo lamang ang mga malalaking bansa.
- * Hikayatin pa ang mga kabataan na linangin ang kanilang sarili sa pagtuon ng *practical arts* o maging isang entrenyur.
- * Mahalin ang ating kulturang dinatnan.
- * Pagyamanin at tangkilikin natin ang ating lokal na produkto.
- * Ang pagpapahalaga sa *Balik Probinsiya Program* kung saan ang mga mamamayan ay binibigyan ng mahalagang kabuhayan at pamumuhay sa kanilang lugar na pinagmulan.
- * Linangin at paigtingin ang *political will* ng mga pinuno ng bansa.
- * Ang pagpili at pagboto ng mga pinuno ng ating bayan lalong-lalo na sa tagapaggawa ng batas upang protektahan ang sariling atin at mapangalagaan ang ating interes.

Pamprosesong Tanong:

Ipaliwanag ang iyong naging kasagutan sa mga kalagayan at pagkakataon na nangyayari sa neokolonyalismo kung kailan naging mali ang pagtanggap nito at kung papaano ito maiwawasto. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



Pagyamanin

Gawain 1: Suriteksto

Panuto: Basahin ang pinaikling nilalaman ng isang Artikulo patungkol sa mga mahahalagang pangyayari na kinapapalooban ng Pilipinas sa isyung neokolonyalismo. Matapos basahin, sagutin ang inihandang pamprosesong tanong sa ibaba. Ilagay ang iyong sagot sa kuwaderno.

BAKIT WALANG GALANG SA FILIPINAS ANG IBANG BANSA?

Lantaran, walang takot, at sabay-sabay tayong sinasamantala ng Tsina, Malaysia, Vietnam, Hapon, at Taiwan dahil mahina tayo'

ni Nelson Forte Flores

(Published 1:00 PM, June 20, 2015 / Updated 12:46 AM, June 21, 2015)

Patuloy na yumayabong ang ekonomiya at lumalakas ang puwersang militar ng Tsina. Hindi na siya ang “Sick man of Asia” na pinagsamantalahan ng bansang Hapon at iba’t ibang mga kanluraning bansa noong 1800 hanggang 1900.

Sa kabila ng kaniyang mga rebolusyonaryong ugat na namukadkad nang itayo ni Chairman Mao Zedong ang People’s Republic of China noong 1949, naging tila katulad na rin siya ng mga bansang nang-abuso sa kaniya.

Naging isang mang-aagaw na rin ng mga likas na yaman ang Tsina. Sa pamamagitan ng kaniyang “9-dash line” ay inaangkin niya ang halos buong South China Sea o West Philippine Sea. Kabilang sa mga ito ang maliliit na isla-islahan na tradisyonal na pag-aari natin, katulad ng Ayungin Shoal, Panatag Reef, at Kalayaan Islands Group. Ika nga sa wikang Ingles, “China has become what she hated most.”

Kasabay ng unti-unting pagkawala ng ating mga teritoryo dahil sa Tsina, sinasamantala naman ng Malaysia ang pagkakataon. Hindi kaila sa ating intelligence community na tinutulungan ng Kuala Lumpur ang Moro Islamic Liberation Front at ang Bangsamoro Islamic Freedom Fighters sa kanilang pangunahing layunin na inihawalay ang Mindanao sa ating republika. Ginagamit ito ng Malaysia upang kalimutan natin na pag-aari ng Sultante of Sulu ang Sabah at dapat ay nakapaloob ito sa ating teritoryo. Sa madaling salita, ang MILF at BIFF ay naririyang para huwag na nating habulin ang Sabah.

Kasabay ng mga banta sa atin ng Tsina’t Malaysia ay inaagawan naman ng yamang dagat ng mga Taiwanese, Hapones, at Vietnamese ang ating mga mangingisda. May mga pagkakataon pang itinataboy ng Taiwanese Coast Guard ang ating mga mangingisda habang nakatanaw lamang ang mga miyembro ng ating Philippine Coast Guard.

Lantaran, walang takot, at sabay-sabay tayong sinasamantala ng mga bansang ito dahil mahina tayo. Higit sa kung ano pa man, ang kahinaang ito ay nakaugat sa halos kawalan natin ng pambansang kaakuhan o *national identity*, na nagpapahina naman sa pamahalaan.

Lalong sumasama ang sitwasyon dahil sa pananatili ng ating client relationship o ang neo-kolonyal na relasyon sa United States. Ito ang pangunahing dahilan kung bakit hirap na hirap tayong pandayin ang isang pambansang kaakuhan at kung bakit kumikiling ang pamahalaan sa mga patakaran na humahadlang sa ating industriyalisasyon.

Ang neo-kolonyalismo rin ang ugat kung bakit ang ating foreign relations policy ay kopya, kundi man kahimig, ng mga ipinalalabas ng American State Department sa Washington.

Mantakin na lamang na sa kabila ng pagiging non-aligned ng ating bansa ay malinaw na hindi pambansang interes ang tinutugunan ng ating foreign relations policy. Pansinin na sa mga kritikal na yugto ng kasaysayan ng mundo ay palagi ang nakatugon ang ating foreign relations policy sa geopolitical interest ng Amerika gayong hindi sa lahat ng panahon ay pareho tayo ng pangangailangan o interes.

Hitik sa ebidensya ang ating kasaysayan ng pagkakaroon natin ng client relationship sa US. Halimbawa, ito ang nagtulak sa atin para tanggapin ang mga saliwang probisyon ng 1951 RP-US Mutual Defense Treaty (MDT) na basehan ngayon ng Visiting Forces Agreement (VFA) at Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Ang hindi pantay na ugnayang ito ang dahilan din kung bakit nilululon natin ang mga anti-mamamayang panukala ng International Monetary Fund at World Bank. Ang mga ito ang siyang naglulubog sa atin sa utang at nagpapalaganap sa privatization ng mga pampublikong institusyon. Malinaw na ngayon na ang privatization ang nag-aalis sa responsibilidad ng pamahalaan na kalingain ang mga mamamayan. Ito naman ang nagiging kagyat na ugat ng ating kahirapa't kahinaan.

Malinaw pa sa sikat ng Haring Araw na ang kasalukuyang ugnayang pang-ekonomiya ng US sa Tsina ay napaka-halaga. Ang pagiging mabuting kliyente ng ating pamahalaan ay hindi sapat para tapatan ang kahalagahan ng relasyon ng US at Tsina. Kailangan ng US ang Tsina dahil sa pera nito at kailangan naman ng Tsina ang US bilang merkado ng mga produktong kanilang iniluluwas. Sa ngayon ay halos imposibleng tumakbo ang kani kanyang mga ekonomiya kung wala ang isa't isa.

Maliban sa pagiging sunod-sunuran o subservient ng ating foreign relations policy, ang ating ugnayang panlabas ay OFW-centric. Ito sa aking palagay ay salamin ng ating pagiging alila ng mga Kastila, Amerikano, at Hapones sa loob ng mahigit na 400 taon.

Kailangang ang ating magiging bagong foreign policy ay para sa ating interes at hindi sa geopolitical security ng US. Hindi natin kailangang manlimos ng tulong o maging tagapagluwas ng mga alila sa mundo. Ang kailangan natin ay isang malaya, makabayan, intelehente't mapanuring ugnayang panlabas. -Rappler.com

(**Pinagkunan:** "Bakit Walang Galang sa Filipinas ang Ibang Bansa?", Rappler.com, last modified June 21, 2015, [https://www.rappler.com/voices/imho/isang-makabayang-ugnayang-panlabas-filipinas.](https://www.rappler.com/voices/imho/isang-makabayang-ugnayang-panlabas-filipinas))

Pamprosesong Tanong:

A. Sagutin ang mahahalagang tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.


1. Maituturing bang isang uri ng makabagong neokolonyalismo ang ginagawang pagpasok ng China sa Pilipinas at iba pang bansa? Pangatuwiran ang iyong sagot.
2. Sa iyong palagay, nakabubuti ba o nakasasama ang pagtulong ng China sa ekonomiya ng mga bansa sa karatig bansa nito?
3. Ano ang nais mong sabihin sa ginawang hakbang ng Malaysia, Vietnam at Taiwan sa ating bansa?

B. Dugtungan ang sumusunod na pangungusap tungkol sa binasang teksto. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sa tekstong ito, natutunan kong _____ .
2. Ang pinakamahalagang ideya na nakuha ko ay _____ .
3. Mahalaga ito, sapagkat _____ .
4. Sa pagkakataong ito, naisip kong _____ .

Gawain 2: Katulad Mo, Magkaiba Tayo

Panuto: Sa tulong ng *Venn Diagram*, isulat ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pamamaraang ginawa ng pananakop ng USA at China. Isulat ang iyong kasagutan sa iyong kuwaderno.



Pamprosesong Tanong:

Panuto: Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Maliban pa sa USA at China, ano pang mga bansa ang tinutukoy ang walang galang sa Pilipinas?
2. Ilarawan ang naging damdamin ng manunulat patungkol sa kaniyang ginawang artikulo?
3. Paano nakaimpluwensiya ang United States at China sa Pilipinas?
4. Ano ang iyong nakitang magandang nangyari sa pangangialam ng USA at China sa Pilipinas?
5. Sang -ayon ka ba sa mga naging tugon ng manunulat upang magkaroon ang Pilipinas ng isang malaya, makabayan, intelehente't mapanuring ugnayang panlabas?

Gawain 3: Paano Mo Ako Matutulungan?

Panuto: Suriin ang nilalaman ng bawat pahayag. Tukuyin kung anong anyo ng neokolonyalismo ang inilalarawan nito: PULITIKAL, MILITAR, EKONOMIKO, o KULTURAL ang sumusunod. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Nagbigay ng suportang pananalapi ang Australia sa Laos upang palakasin ang sektor ng kanilang ekonomiya.
2. Iginawad na ng <i>World Trade Organization</i> ang dayuhang pautang sa Timor Leste.
3. Nagpadala ang Pilipinas ng maraming Doktor sa United States upang magpakadalubhasa kung paano susugpuin ang COVID19.
4. Naging matalik na kaibigang bansa ng Japan ang Cambodia upang makapag-angkat ng mga hilaw na kagamitan sa kanilang bansa.
5. Nagsanib ng puwersa ang Mongolia at South Korea upang paigtingin ang kanilang teritoryo laban sa China.
6. Natutong gumamit ng wikang Ingles ang mga Vietnamese dahil kinakailangan nilang gamitin sa pagpapalakas ng kanilang turismo sa Halong Bay.
7. Muling hinikayat ng United States ang Indonesia at Pilipinas bilang arkipelagong mga bansa upang magsagawa ng <i>Military Exercises</i> sa karagatan.
8. Mas mabenta sa Pilipinas ang <i>anime Naruto Shippuden na Made in Japan</i> kaysa <i>anime martial arts na Made in China</i> .
9. Pinaghihinalaan ng mga taga-Hong Kong ang isang lider ng probinsiya ng China na nagbabalak pabagsakin ang kanilang magandang pamamahala.
10. Si Jack Ma ay isang matalik na kaibigan ni Sen. Manny Pacquiao na laging nagbibigay ng tulong pinansiyal upang pambili ng mga <i>facemask</i> at iba pang <i>Personal Protective Equipment (PPE)</i> na gagamitin ng mga Pilipinong <i>frontliners</i> .



Isaisip


Gawain: Neokolonyalismo: Ano ang Hatid Mo?

Panuto: Sagutin ang tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

Makatarungan ba ang mga ginawang makabagong paraan ng pananakop ng mga mayayaman at makapangyarihang bansa sa mahihirap at mahihinang bansa lalong-lalo na sa bahagi ng Silangan at Timog-Silangang Asya? Bakit? Pangatwiranan ang iyong sagot.

Para sa akin _____

_____.



Isagawa


Gawain: Tayo na sa Spratly

Panuto: Magsulat ng isang malikhaing tula na may kinalaman sa naging karanasan ng Pilipinas patungkol sa isyung *territorial disputes* ng Spratly Islands. Isaalang-alang ang mga mahalagang nilalaman patungkol sa isyu ng Spratly Islands tulad ng mga bansang pinag-aagawan ang lugar, layunin, pamamaraan, epekto ng pagpasok sa teritoryo, basehan ng pagmamay-ari at mga paraan kung paano ito solusyunan.

Ang tula ay kailangang binubuo ng anim na saknong at apat na taludtod. Ito ay walang sukat ngunit nagtataglay ng tugma. Mainam din na ikaw ang gagawa ng sariling mong tema o pamagat. Isulat ang tula sa iyong kuwaderno.

Rubrics para sa Paggawa ng Tula

Mensahe o Nilalaman	10 Puntos
Mahusay na Paggamit ng mga Salita	5 Puntos
Pamamaraan o Istilo ng Pagsulat	5 Puntos
Wastong Gamit ng mga Bantas	5 Puntos
Epekto sa mga Mambabasa	5 Puntos
Kabuoan	30 Puntos



Tayahin

A. Panuto: Basahing mabuti ang tanong at pag-isipan ang pinakatamang sagot. Isulat ang titik ng pinakatamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang *G8* o *Group of Eight* ay samahan ng mga estadong higit na mayayaman o mas industriyalisadong bansa sa buong mundo na hanggang sa ngayon ay napananatili ang kanilang pagiging malakas at makapangyarihang bansa. Ano ang mga bansa na bumubuo o kabilang sa G8?
 - A. Canada, France, Germany, Italy, Japan, Russia, UK, USA
 - B. Canada, China, France, Germany, Japan, Russia, UK, USA
 - C. Australia, Canada, France, Germany, Japan, Italy, Russia, USA
 - D. Australia, Canada, China, France, Germany, Japan, Russia, USA

2. Alin sa sumusunod na hakbang ang dapat gawin ng bawat bansa upang matugunan ang mga suliraning dulot ng neokolonyalismo na nararanasan sa Silangan at Timog-Silangang Asya?
 - A. Pagyamanin at tangkilikin ang lokal na produkto
 - B. Lumaban sa anumang uri ng panghihimasok na ginawa ng ibang bansa
 - C. Tumutol sa mga polisiya kung saan magbebenepisyo lamang ang mga malalaking bansa
 - D. Lahat ng nabanggit

3. Alin sa sumusunod ang **HINDI** kabilang sa naging epekto ng neokolonyalismo sa larangan ng ekonomiya?

A. <i>Continued Enslavement</i>	C. <i>Loss of Pride</i>
B. <i>Cultural Exchange</i>	D. <i>Over Dependence</i>

4. Anong bansa ang tinulungan ng *Philippine Civic Action Group* (PHILCAG) noong 1971 upang ipakita ng Pilipinas ang kaniyang matatag na suporta sa United States?

A. Cambodia	C. Myanmar
B. Laos	D. Vietnam

5. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng katotohanan ukol sa neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya?
 - A. Karamihan sa dating mga imperyalistang bansa ay wala ng kakayahan upang sakupin pa ang kanilang dating kolonyang bansa.
 - B. Nakasentro ang makabagong pananakop ng mga makapangyarihang bansa sa paggamit ng relihiyon upang madali nila itong mapaniwala sa mga taglay nitong doktrina ng simbahan.
 - C. Ito ay may tuwirang pananakop sa mga mahihirap na bansa dahil ginagamitan sila ng madugong labanan at palitan ng nakamamatay na mga armas ng mga mayayaman na bansa.
 - D. Ang mga industriyalisadong bansa ay may makabagong paraan ng pananakop sa pamamagitan ng di-tuwirang paraan na halos matatanaw sa aspektong pulitikal, militar, ekonomiya at kultural.

B. Panuto: Tukuyin ang sumusunod na pahayag. Hanapin sa kahon ang tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Dayuhang Tulong	Lihim na Pagkilos	<i>Colonial Mentality</i>	Labis na Pagdepende
<i>Benevolent Assimilation</i>	Neokolonyalismo	<i>G8 o Group of 8</i>	Dayuhang Pautang


1. Ito ay ang pamamaraan ng anumang pautang na ipinapahiram ng *International Monetary Fund (IMF)/ World Bank* o ng United States na may laging kasunduan o kondisyon.

2. Ito ay maituturing na bagong paraan ng kolonyalisasyon sa pamamagitan ng impluwensiya o pagkontrol sa aspetong pampulitika, pang-ekonomiya, pangkultura, at kahit sa larangan ng pangmilitar ng isang maunlad na bansa sa hindi maunlad na bansa.

3. Isang patakaran ng United States na ipinatupad sa Pilipinas na nagpapatunay bilang pagpapasimula ng neokolonyal na katangian ng edukasyon sa bansa.
4. Tumutukoy sa gawain ng mga neokolonyalistang bansa na guluhin ang isang pamahalaan ng isang bansa o ibagsak ito nang tuluyan dahil hindi mapasunod sa mapayapang paraan.
5. Karamihan sa bansa sa Timog-Silangang Asya ay labis na umasa sa mga mayayamang bansa tulad ng United States.

C. Panuto: Basahin ang bawat nilalaman ng pahayag. Tukuyin kung anong anyo ng neokolonyalismo: **Pulitikal**, **Ekonomiko**, o **Kultural** ang sumusunod na pahayag o sitwasyon. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Maaaring makautang ang Indonesia sa *World Bank* kapag nagkaroon na ng puspusang pagsasaayos sa sistema ng pagbubuwis ang kanilang bansa.
2. Tumaas ang antas ng pandarayuhan sa Laos dahil sa krisis na pinagdadaan ng katabi nitong bansang Myanmar.
3. Hindi sinuportahan ng Taiwan at Vietnam ang patakarang “9 – *Dash Line*” ng China na ipinatutupad nito sa West Philippine Sea.
4. Ang mga mamamayan ng Brunei ay madalas magpalit ng pananamit mula sa bansang Italy.
5. Mahilig bumili kada dalawang taon ang Pilipinas ng mga sasakyang may tatak na *Toyota*, *Honda*, at *Suzuki* na mula sa Japan.



Karagdagang Gawain

Gawain: Epekto Mo

A. Panuto: Basahin ang bawat pahayag. Batay sa iyong sariling pagtataya, lagyan ng tsek (✓) ang **Mabuti** at (X) ang **Di-mabuting** epekto ng neokolonyalismo. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.


Neokolonyalismo	Epekto
1. Pagpasok at paglawak ng industriya ng mga korporasyong transnasyonal.	
2. Paglakas ng ugnayang <i>bilateral</i> ng United States at Pilipinas.	
3. Pagtangkilik ng makabagong pamamaraan ng produksiyon	
4. Pag-usbong ng <i>territorial disputes</i> sa pagitan ng malalakas at mahihinang bansa.	
5. Nakilala ang bansang Singapore bilang isa sa tinaguriang <i>Four Asian Tigers</i> .	

6. Paglaki ng agwat ng mayaman at mahirap sa buong panig ng Timog-Silangang Asya.	
7. Patuloy na pagpapalitan ng kultura sa pagitan ng mga mauunlad at maliliit na bansa.	
8. Pagpatupad ng <i>K to 12 Curriculum Program</i> sa mga kasaping bansa ng ASEAN.	
9. Paglaganap ng <i>internet</i> at <i>digital technology</i> sa rehiyon ng Asya.	
10. Paglaki ng populasyon dahil sa migrasyon.	

B. Panuto: Dapat bang tanggapin ng Pilipinas ang sumusunod na kalagayan at pagkakataon na mula sa maunlad at makapangyarihang bansa? Batay sa iyong sariling pagtataya, lagyan ng tsek (\checkmark) ang **Dapat** at (X) ang **Di-Dapat** na tugon sa neokolonyalismo. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Kalagayan at Pagkakataon	Tugon
1. Pelikulang dayuhan mula sa <i>Hollywood</i>	
2. Produktong dayuhan mula sa Japan	
3. Madalas na pag-utang sa <i>World Bank</i>	
4. Tulong militar mula sa Germany	
5. Musikang dayuhan mula sa South Korea	
6. Wikang dayuhan mula sa Japan	
7. Dayuhang tulong na mga gamot mula sa China	
8. Tulong teknikal mula sa Australia	
9. Dayuhang tulong na mga binhing palay mula sa Thailand	
10. Dayuhang alok na maging kasosyo sa ugnayang <i>bilateral</i> .	

Ipaliwanag ang isang napiling dapat at isang napiling di-dapat tanggapin ng Pilipinas ang mga kalagayan at pagkakataon na mula sa maunlad at makapangyarihang bansa. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

<p>A</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Benevolent Assimilation 2. Labis na Pagdepende 3. Neokoloniyalismo 4. Dayuhang Pagkilos 5. Lihim na Pagkilos 	<p>B</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ekonomiko 2. Pulitikal 3. Kultural 4. Ekonomiko 5. Kultural 	<p>C</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. D 2. B 3. D 4. D 5. A
---	--	--

Balikan

<ol style="list-style-type: none"> 1. CONFUCIANISM/O 2. TAOISM/O 3. KRISTYANISMO 	<ol style="list-style-type: none"> 4. ISLAM 5. JAINISM/O 6. HINDUISM/O 	<ol style="list-style-type: none"> 7. BUDDHISM/O 8. HUDAISMO 9. SHINTO / SHINTOISM/O 10. ZORASTRIANISMO
---	---	---

Pagymamanin

Gawain 3

<ol style="list-style-type: none"> 1. Ekonomiko 2. Ekonomiko 3. Ekonomiko 4. Ekonomiko 5. Pulitikal/Militar 	<ol style="list-style-type: none"> 6. Kultural 7. Pulitikal 8. Kultural 9. Pulitikal 10. Ekonomiko 	<p>Gawain A.</p> <p>Epekto Mo</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Di-Mabuti 2. Di-Mabuti 3. Mabuti 4. Di-Mabuti 5. Mabuti 6. Di-Mabuti 7. Mabuti 8. Mabuti 9. Mabuti 10. Di-Mabuti
--	---	--

Karagdagang Gawain

Tayahin

<p>A</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. A 2. D 3. B 4. D 5. D 	<p>B</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Dayuhang Pautang 2. Neokoloniyalismo 3. Benevolent Assimilation 4. Lihim na Pagkilos 5. Labis na Pagdepende 	<p>C</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ekonomiko 2. Kultural 3. Pulitikal 4. Kultural 5. Ekonomiko
--	--	--

Sanggunian

Aklat

- Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo and Kalenna Lorene S. Asis. *Araling Panlipunan : Kasaysayan ng Daigdig*, Pasig City: Department of Education, Bureau of Learning Resources, 2016.
- Vivar, Teofista L. , Remedios E. Quiray, Evelina M. Vilorina, and Ruth V. Fuentes. *Asya Noon, Ngayon at sa Hinaharap : Batayang Aklat sa Ikalawang Taon*, Metro Manila: SD Publications, Inc., 2000.

Artikulo

- Flores, Nelson F. (2015, June 21). "Bakit Walang Galang sa Filipinas ang Ibang Bansa?". Retrieved from <https://www.rappler.com/voices/imho/isang-makabayang-ugnayang-panlabas-filipinas>.

Mga Larawan/Icon:

- Confucianism. <https://www.ancient-symbols.com/symbols-directory/confucianism-symbol.html>
- Taoism. <https://www.taopage.org/pakua1.jpg>
- Christianity. <https://www.pixcove.com/cross-irritated-religion-christian-crucifixion-christ-spirituality-jesus-faith-symbol-christianity/>
- Muslim. <http://clipart-library.com/free/muslim-symbol-png.html>
- Jainism. <https://jainworld.com/education/jain-education-material/jain-symbol/>
- Hinduism. <https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/religious-symbol-hinduism-pranava-vector-2166129>
- Buddhism. <https://study.com/academy/lesson/buddhist-symbols-meanings.html>
- Jewish. <https://www.britannica.com/topic/Star-of-David>
- Shintoism. <https://www.cleanpng.com/png-shinto-shrine-japan-religious-symbol-religion-2211182/>
- Zoroastrianism. <https://www.newworldencyclopedia.org/entry/zoroastrianism>

Modyul

- Department of Education, Bureau of Learning Resources. "EASE Modyul 10: Neo-Kolonyalismo Ang Bagong Uri o Pamamaraang Kolonyalismo Learning Material, Learning Module |PDF", accessed May 25, 2020, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>.
- Department of Education, Bureau of Learning Resources. "EASE Modyul 15: Ang Ekonomiya sa Asya, Learning Module |PDF", accessed May 25, 2020, <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/6019>.
- Department of Education, Schools Division of South Cotabato Learning Resource Management Section. "Project EASE – Araling Panlipunan 8: Modyul 20 – Neo – Kolonyalismo", last modified May 19, 2020, <https://sites.google.com/view/depedsocotlrms/>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph